Kanta tayo

Sampung Mga Daliri
Sampung mga daliri
Kamay at paa
Dalawang tenga, dalawang mata
Ilong na maganda
Magandang mga ngipin
Masarap kumain
Dilang maliit nagsasabing
Huwag kang sinungaling

(Ituro o hipuin ang bawat bahagi ng katawan habang umaawit.)

Paru-parong Bukid
Paru-parong bukid
Na lilipad-lipad
Sa gitna ng daan,
Papagapagaspas
Sambara ang tapis
Sandangkal ang manggas
Ang saying de kila
Sampiyesa ang sayad
May payneta pa siya, uy!
May suklay pa mandin
Nagwasde ohetes
Ang palalabasin
Haharap sa altar, uy!
At mananalamin
At saka lalakad
Nang pakendeng, kendeng.

(Tumayo sa harap ng salamin katabi ang bata. Umawit at gawin ang aksiyon).



Bakit kailangang maglaro?

Ang laro ay importanteng gawain ng bata. Marami siyang natututunan sa kanyang mundo sa pamamagitan ng kanyang sariling karanasan tuwing siya ay naglalaro. Kailangan ng bawat bata ang laro upang matuklasan niya at maintindihan ang kanyang kapiligiran habang siya ay lumalaki.

Ang mga programang panlaro para sa mga bata at sa kanilang mga magulang at tagapag alaga ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na makipag laro sa isat-isa sa isang lugar na ligtas at masigla. Meron ding ibang bata at matatanda na nagbibigay sigla at saya sa kanilang pagsasamasama. May maraming oportunidad para sila magkakilala at magkaalaman sa ibat iba nilang gawaing laro. Ang mga bata ay natututong magbigayan sa isa't-isa habang sila ay nagpapatuloy na lumaki ng maayos at malusog.

Ang mga laruan ay simpleng gamit ng mga bata para pagyamanin ang kanilang paglalaro at kaalaman. Walang isang matatawag na tamang laruan. Ang mga bata ay nangangailangan ng ibat-ibang laruan na tugma sa kanilang edad, kanilang interes at kanilang kakayahan. May mga laruan para sa tag-ulan, panlabas na laruan pag kasama nila ang kanilang mga kaibigan, laruan kung sila ay may sakit o kung sila ay nakabakasyon at mga laruan na edukasyonal upang sila ay matutong magbigayan at magkaisa. Isipin ang bukod-tanging pangangailangan at interes ng iyong anak kapag namimili ng kanyang laruan.

Ang "Laro Tayo" ay limang bahaging babasahin na nagbibigay ng ibat-ibang ideya ng paglalaro sa mga edad na:

0-6 buwan	2-3 taon
6-12 buwan	3-4 taon
1-2 taon	4-5 taon

Ang presyo sa maramihan na pagbili ng babasahin at ibang publikasyon ay maaring malaman sa:

FRP CANADA
707 - 331 rue Cooper Street, Ottawa, ON K2P 0G5
(613) 237-7667
1-866-637-7226
1-866-6-FRPCAN
(613) 237-8515
info@frp.ca
www.frp.ca
www.welcomehere.ca
www.bienvenuechezvous.ca

Tagalog/ Tagalog

Laro Tayo?

1-2 taon

FRP CANADA

Ang laro ay...

- **pagkilos**
- **paggaya**
- **pananaliksik**
- **paglikha**
- **pagsalansan at paggawa**
- **pagbuhos ng mga bagay-bagay**
- **pagpuno ng mga bagay-bagay**
- **pagtulak ng mga bagay para dumikit**
- **paghihiwalay ng mga bagay-bagay**
- **pagtatago at paghahanap**

Maingat na piliin ang mga laruan, isaisip ang tamang level ng paglaki ng iyong anak.

Bigyan ang iyong anak ng hinihila at itinutulak na laruan upang maengganyo siyang gumawa ng mga unang hakbang sa paglalakad.

Bigyan ang iyong anak ng laruang telepono upang siya ay masanay magsalita at bumuo ng mga simpleng salita.

Ang mga bata ay natutuwang gumagaya sa kanilang mga magulang at tagapagalaga. Bigyan sila ng mga ibat-ibang bagay na malalaro nila sa kanilang panggagaya tulad ng mga kaldero, plastik na kagamitan, manika, kariton, sombrero, kurbata, jacket at bag.

Makipaglaro sa iyong anak tulad ng paghagis o pag-gulong ng bola pabalik-balik sa inyong dalawa o saluhan ng maliit na bean bag para ma-develop niya ang kanyang hand-eye koordinasyon.



Mahusay na laruan ang mga malalaking bloke at mga kahon ng sapatos. Maaari niya itong isalansan at itayo para makabuo ng ibat-ibang bagay.



Ang iyong anak ay magsisimula ng paghiwalayin at pagbalikin muli ang mga laruan. Maglaro ng 'stacking rings' at 'nesting cups'. Sumubok ng simpleng puzzle na may dalawa o tatlong piraso.



Ang mga bata ay mahilig sa musika. Magpatugtog ng CDs at tape para makarinig siya ng ibat-ibang uri ng musika. Sabayan ng pag-awit at pag-sayaw. Umawit din ng tradisyonal na awitin at gumawa ng sariling kanta.

Gawa tayo ng laruan

Binubuhos at pinupuno
Ang mga plastik na lalagyan ay mainam na laruan para punuin at ibuhos.

Ilabas at ipasok
Gumupit ng maliit na butas sa takip ng kahon o ng plastik na lalagyan. Bigyan ang bata ng malaking straw para ipasok sa butas.

Larawan Aklat
Gumawa ng maliit na album ng larawan ng iyong anak at pamilya. Sabay itong tingnan at magkuwentuhan tungkol sa mga tao at lugar na pareho ninyong alam.

Mga taguang lugar
Ang mga bata ay mahilig maglabas pasok sa mga kahon. Humanap ng malalaking kahon sa pamilihan o tindahan ng kasangkapan. Butasin ang magkabilang dulo ng kahon para malaro ng bata na parang tunnel.